# ACCESS for ELLs
# Pag-unawa sa Mga Score ng Inyong Anak

**Ang ACCESS for ELLs ay isang pagsusuri sa kahusayan sa wikang English na sumusukat sa mga kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong wikang English.**

- Ginagamit ng mga paaralan, distrito ng paaralan, at estado ang mga score sa ACCESS for ELLs habang nagpapasya sila kung ano ang ibibigay na mga serbisyo ng suporta sa wikang English.
- Ginagamit ng mga guro ang mga score sa pagsusuri habang nagpapasya sila kung paano pinakamahusay na tuturuan ang inyong anak.
- Puwede ninyong gamitin ang mga score sa pagsusuri para gabayan ang inyong anak.



---

Ipinapakita ng Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral ang mga score ng inyong anak sa ACCESS for ELLs sa walong iba't ibang kategorya. Apat sa mga kategoryang ito ay mga domain ng wika na Pakikinig, Pagsasalita, Pagbabasa, at Pagsusulat. Pinagsasama-sama ang mga score sa apat na domain ng wikang ito para gumawa ng apat na karagdagang uri ng score:

- Ang kategoryang pasalitang wika ay kumbinasyon ng mga score sa Pakikinig at Pagsasalita ng inyong anak.
- Ang kategoryang literacy ay kumbinasyon ng mga score sa Pagbabasa at Pagsusulat ng inyong anak.
- Ang kategoryang pang-unawa ay kumbinasyon ng mga score sa Pakikinig at Pagbabasa ng inyong anak. Mas nakadepende ito sa score sa Pagbabasa kaysa sa score sa Pakikinig.

## ELL

Ang nag-aaral ng wikang English, o English language learner o ELL, ay isang mag-aaral na may pagkakataong tumanggap ng pagtuturo sa English, bukod pa sa pagkuha ng iba pang klase. Sinusuri ang mga ELL bawat taon para matulungan ang mga gurong maunawaan ang kanilang mga kasanayan sa wika, pero mayroon kayong karapatang tanggapin o tanggihan ang suporta sa wika.

## Domain ng Wika

Gumagamit ang mga mag-aaral ng mga kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, at pagsusulat para matuto ng akademikong paksa, makapagbahagi ng impormasyon, at makapagtalakay ng mga ideya. Ito ang mga kasanayang dapat paghusayin ng mga mag-aaral sa kabuuan ng kanilang edukasyon. Sinusukat ng pagsusuri sa wika ang mga kasanayan ng isang mag-aaral sa lahat ng apat na domain na ito.

WIDA™

Matatagpuan ang WIDA sa loob ng Wisconsin Center for Education Research sa University of Wisconsin-Madison.
© 2020 Ang Lupon ng Mga Rehente ng University of Wisconsin System, sa ngalan ng WIDA

- Ang pangkalahatang kategorya ay kumbinasyon ng mga score sa lahat ng apat na domain ng wika. Mas nakadepende ito sa mga score sa Pagbabasa at Pagsusulat kaysa sa mga score sa Pakikinig at Pagsasalita.

Para sa bawat walong kategorya sa Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral, may dalawang score:

- Inilalagay ng mga score sa antas ng kahusayan ang mga kasalukuyang kasanayan ng inyong anak sa loob ng anim na Antas ng Kahusayan sa Wikang English ng WIDA. (Walang kaugnayan ang mga antas ng kahusayan sa antas ng grado ng isang mag-aaral.) Inilalarawan sa ibaba ng Ulat sa Indibidwal na Mag-aaral ang mga kasanayan sa wika na pangkaraniwan sa antas ng kahusayan ng inyong anak.
- Ang mga score sa sukatan ay mga tumpak na sukat ng kung gaano kahusay ang inyong anak sa pagsusuri. Isinaalang-alang sa mga ito ang antas ng grado ng inyong anak at ang kahirapan ng mga item sa pagsusuri na nakumpleto ng inyong anak. Ginagamit ng mga guro ang mga score na ito para maunawaan kung gaano humusay sa wikang English ng inyong anak simula noong huling beses na kumuha ng ACCESS for ELLs ang inyong anak.



## Kahusayan sa Wika

Ang antas ng kahusayan sa wika ay isang sukatan ng pag-usad ng mga mag-aaral sa tuloy-tuloy na proseso ng pagkatuto ng wika. Kapag narating na ng mga mag-aaral ang pinakamataas na antas ng kahusayan sa wika, hindi na nila kailangan ng mga serbisyo ng suporta sa wika.

---

## Mga puwede ninyong itanong

- Ano ang ibig sabihin ng score na ito? Sino ang makakakita sa score na ito at paano ito gagamitin?
- Paano maihahambing ang mga score ngayong taon sa mga nakaraang score? Humuhusay ba ang aking anak sa pagkatuto ng wikang English? Ano ang ibang pang impormasyong ginagamit ninyo para sukatin ang paghusay?
- Babaguhin ba ng score na ito ang pagtuturo o suportang natatanggap ng aking anak? Paano kayo nagpapasya kung kailan hihinto sa pagtanggap ng suporta sa wika ang aking anak?

---

Ginagamit ng mga distrito ng paaralan ang mga score sa **ACCESS for ELLs** para suriin ang mga programa ng suporta sa wika, subaybayan ang paghusay ng mag-aaral, at bilang isang salik sa pagpapasyang alisin ang isang mag-aaral sa mga serbisyo ng suporta sa wika. Ang pagsusuring ACCESS for ELLs ay nagbibigay-daan sa mga paaralan na matugunan ang mga pederal at pang-estadong kinakailangan sa accountability.

WIDA™

Matatagpuan ang WIDA sa loob ng Wisconsin Center for Education Research sa University of Wisconsin-Madison.
© 2020 Ang Lupon ng Mga Rehente ng University of Wisconsin System, sa ngalan ng WIDA